



**WORD**

*Ipapanganak ang isang batang lalaki na maghahari sa amin. Tatawagin siyang "Kahanga-hangang Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama, at Prinsipe ng Kapayapaan." ISAIAS 9:6*

Ang Pasko ay higit pa sa kasiyahan at kainan; ito ay panahon upang ipagdiwang kung sino si Jesus sa atin. Hindi naparito si Jesus na tulad ng isang malakas na namumuno tulad ng inaasahan ng mga Israelita. Bagkus, Siya ay naparito bilang isang sanggol. Sa pamamagitan ng Kanyang buhay, natupad ang propesiya ni Isaias at ang plano ng Diyos na iligtas tayo. Sa talatang ito, gumamit si Isaias ng apat na pangalan na tumutukoy kay Jesus. Ang mga pangalang ito ang magpapakita sa atin kung bakit natin ipinagdiwang ang Pasko. Sa araling ito, ating titignan kung ano ang ibig sabihin ng *Kahanga-hangang Tagapayo*, at kung paano ito naka-apekto sa ating mga buhay.

**1 Dahil na kay Jesus ang lahat ng karunungan, maaari akong lumapit sa Kanya.**

*Mananatili sa kanya ang Espiritu ng Panginoon at magbibigay ito sa kanya ng karunungan, pang-unawa, kakayahan sa pagpapalano, kapangyarihan, kaalaman, at takot sa Panginoon. ISAIAS 11:2*

Si Jesus ang karunungan ng Diyos, at ibinigay Niya sa atin ang Kanyang Espiritu, na siyang gumagabay sa atin sa lahat ng katotohanan (Juan 16:13). Samakatuwid, maaari tayong humingi sa Diyos ng Kanyang karunungan, na higit sa karunungan ng tao. Magbahagi ng isang karanasan kung kailan hinigitan ng karunungan ng Diyos ang iyong karunungan. Paano ka pumunta sa Diyos upang makakuha ng karunungan ito?

.....

.....

.....

.....

**2**
**Dahil alam ni Jesus ang lahat, maaari akong magtiwala sa Kanya.**

<sup>5</sup>Magtiwala ka ng buong puso sa Panginoon at huwag kang mananalig sa iyong sariling karunungan. <sup>6</sup>Alalahanin mo ang Panginoon sa lahat ng iyong ginagawa at ituturo niya sa iyo ang tamang landas. **MGA KAWIKAAN 3:5,6**

Ang Diyos lamang ang nakaka-alam ng lahat ng bagay mula sa umpisa hanggang sa wakas (Isaias 46:9,10). Dahil alam Niya ang lahat at Siya ay puno ng walang hanggang karunungan at kabutihan, Siya lamang ang maaari nating pagkatiwalaan. Ano sa iyong palagay ang kahulugan ng buong pusong pagtiwala sa Diyos?

.....

.....

.....

.....

**3**
**Dahil si Jesus ang namamahala, maaari akong umasa sa Kanya.**

*Bago pa man likhain ang anumang bagay, naroon na si Cristo, at sa pamamagitan niya ang lahat ay nananatiling nasa kaayusan.*

**MGA TAGA-COLOSAS 1:17**

Ang pamamahala sa mga pangyayari at sa mga tao sa ating paligid ay wala sa ating kapangyarihan, subalit makaka-asa tayo sa Kanya na siyang lubusang namamahala sa lahat—si Jesus. Hindi tayo dapat mag-alala dahil ang Kanyang mga plano at layunin ang syang laging masusunod. Sa paanong paraan mo nakita na ang Diyos ang namamahala sa mga sitwasyon sa iyong buhay?

.....

.....

.....

.....